

LEBEL NG KASANAYAN SA PAGBASA NG MGA MAG-AARAL SA IKAWALONG BAITANG NG PAMBANSANG MATAAS NA PAARALAN NG SUBIC

Hosenia E. Quintino¹, Baby S. Abagon²

¹(Subic National High School, Philippines)

²(Graduate School, President Ramon Magsaysay State University, Philippines)

ABSTRACT : Ang pangunahing layunin pag-aaral na ito na malaman ang Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang ng Subic National High School, Subic, Zambales, taung- panuruan 2020-2021 at makabuo ng interbensyong materyal na magpapaunlad sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral. Ang isasagawang disenyo ng pananaliksik ay palarawang pamamaraan na kung saan ang mga datos ay inilalahad kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inilalahad din ang resulta sa pamamagitan ng mga bahagdan, naglalarawan kung ano ang kasalukuyan at kinabibilangnan ng deskripsyon, pagtatala, pag-aanalisa at pagpapakahulugan ng kasalukuyang kalagayan at komposisyon.

KEYWORDS : *Lebel ng kasanayan, Pagkilala ng Salita, Pang-unawa, Kahirapan, Interbensyon .*

I. PANIMULA

Ang pagbabasa ay isa sa mga pangunahing kasanayan sa wika na dapat pinagkadalubhasaan ng mga mag-aaral. Sa pamamagitan ng pagbabasa, naipabatid ang mensahe ng isang teksto. Gayunpaman, nahaharap pa rin sila sa maraming mga kahirapan sa pagunawa ng teksto. Ang teksto ay tumutukoy sa kaisipan ng isang manunulat na naisasalin sa anumang babasahin na naglalaman ng mga ideya at nabibigyan ng kahulugan sa pamamagitan ng pagbabasa. Sa panahon ngayon, maraming estudyante ang may kahirapan sa pag-unawa ng mga teksto na nagiging dahilan sa kawalan ng interes sa pag-aaral. Ilang halimbawa ay ang pagbabasa ng mga babasahin gamit ang ibang linggwahe o midyum kung saan hindi masyadong nauunawaan sapagkat hindi sanay ang mga mag-aaral sa ibang lenggwahe.

II. PAGLALAHAD NG SULIRANIN

Ang pananaliksik na ito ay may layunin na malaman ang Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Ikawalong Baitang at makabuo ng interbensyong material na magpapaunlad sa kakayahan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Sasagutin din sa pananaliksik na ito ang mga sumusunod na espisipikong layunin:

1. Ano ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ayon sa
 - 1.1 Pagkilala ng salita; at
 - 1.1.1 Maling Bigkas;
 - 1.1.2 Pagpapalit;
 - 1.1.3 Pagsisingit;
 - 1.1.4 Pagkakaltas;
 - 1.1.5 Paglilipat; at
 - 1.1.6 Pag-uulit?
 - 1.2 Pang-unawa?
2. Ano ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa ayon sa mga sumusunod
 - 2.1 Pagkilala ng salita; at
 - 2.2 Pang-unawa?

3. May makabuluhang pagkakaiba ba ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa?
4. Ano ang interbensyong gagawin upang mapaunlad ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral?
5. Paano ang pagtanggap sa interbensyon ng mga mag-aaral sa interbensyon na ginawa na makakapagpapaunlad sa kasanayan sa pagbasa?

III. PAMAMARAANG GINAMIT AT HAKBANG NA ISINAGAWA

Ang Pananaliksik na ito ay gumamit ng Palarawang pamamaraan o descriptive method. Palarawang pamamaraan sapagkat ang mga datos ay inilalahad kung gaano karami o kalaki ang isang bagay at inilalahad din ang resulta sa pamamagitan ng mga bahagdan. Ayon naman kay Elise (2018) ang palarawang pamamaraan ay ang pangkasalukuyang ginagawa, pamant ayan at kalagayan, tumutugon sa tanong na sino, ano, kailan at paano na may kinalaman sa paksa ng pag-aaral. Ang pag-aaral ay isinagawa sa mga mag-aaral na nasa Grade 8 ng Pambansang Mataas na Paaralan ng Subic, Zambales, Taong Panuruang 2020-2021 na may kabuuang isangdaan walumpau't dalawang mag-aaral (182). Ang mananaliksik ay gumawa ng liham at humingi ng pahintulot sa kinaaukulan ng paaralan. Pagkatapos makahingi ng pahintulot ay pinakiusapan ang mga guro ng Filipino na tugunan ng mga mag-aaral ang mga talatanungan at tutulungan ang mananaliksik na personal na pagbibigay ng mga talatanungan sa mga tagatugon o kaya naman ay gagamitin ang online lesson kung sakaling hindi papayag ang mga magulang para sa harapang pagpapabasa. Personal ang ginawang pagsubaybay o paggabay sa pagsagot upang matugunan agad ang mga hindi maintindihan ng mga mag-aaral. At buhat sa mga tugon sa mga talatanungan sinimulan ang pagpoproseso sa mga datos. Ang pagproseso sa mga nakalap na datos ay ginawa ng mananaliksik na gagabayan ng isang eksperto sa istatistika.

IV. PRESENTASYON, INTERPRETASYON AT ANALISIS NG MGA DATOS

Unang Bahagi. Lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Pagpili ng Salita

Talahanayan 2

Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Pagkilala ng salita ayon sa Maling Bigkas

Maling Bigkas Iskalang Pagpapahalaga	Frequency	Percent
4	33	18.13
3	97	53.30
2	52	28.57
1	0	0.00
Total	182	100.00
Mean	2.90	
	May kasanayan	

Sa kabuuan nakakuha ng 2.9 na iskalang pagpapahalaga na may katumbas na May Kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbasa sa pagkilala ng salita ayon sa maling bigkas, ang ibig sabihin ay may sapat na kasanayan sa salita kung ang pagbabasa ay nakatuon sa maling bigkas kung kaya't ang mga mag-aaral ay medyo kaunti ang maling bigkas ng mga salita at hindi gaanong malinaw ang pagkakabigkas kaya sa pahayag ni Guinoo (2017) ang wastong bigkas ng mga salita ay kasama sa araw-araw na paglalakbay ng tao ang pakikipag-ugnayan gamit ang wika.

Talahanayan 3
Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Pagkilala
ng salita ayon sa Pagpapalit

Pagpapalit	Frequency	Percent
4	20	10.99
3	93	51.10
2	69	37.91
1	0	0.00
Total	182	100.00
Mean	2.73	
	May kasanayan	

Sa kabuuan nakakuha ng 2.7 na iskalang pagpapahalaga na may katumbas na May Kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita ayon sa pagpapalit na ang ibig sabihin ay medyo kaunti lang ang nababago sa mga salitang binibigkas at medyo kaunti lang ang naidadagdag, naibabawas, at naipapalit ng isang tunog sa unahan, gitna at hulihan gaya sa pag-aaral na isinagawa ni Yaseen (2013), lumabas na sang-ayon ang mga guro na pagdating sa ponolohiya o mga palatunugan ito ang isa sa pinakamahirap na kasanayan para sa pagpapaunlad at pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa. Mahalaga rin na magkaroon ng kamalayan sa pagsasanay upang maibigay ang pangangailangang elemento sa pagpapaunlad sa pagbasa.

Talahanayan 4
Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral
sa Pagkilala ng salita ayon sa Pagsisingit

Pagsisingit	Frequency	Percent
4	45	24.73
3	94	51.65
2	26	14.29
1	17	9.34
Total	182	100.00
Mean	2.92	
	May Kasanayan	

Sa kabuuan nakakuha ng 2.92 na iskalang pagpapahalaga na may katumbas na May Kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita ayon sa maling pagsisingit ng mga salita na ang ibig sabihin ay medyo kaunti ang mga salitang isinisingit na wala sa binasang akda. Napakalahalaga ng pagbasa sa pagkilala, pag-unawa, pagpapakahulugan at pagtataya ng mga ideya sa mga nakalimbag na simbolo. Ito ay proseso ng pag-unawa sa mga kaisipang hatid ng awtor sa mga mambabasa. Sa pamamagitan ng pagbasa, nahahasa ang iba't ibang kasanayan ng isang indibidwal sapagkat ito ang tutugon sa kanyang pagkatuto tungo sa mas malawak na kaalaman. Ang pagbasa ay isa ring kognitibong proseso ng pag-unawa sa mensaheng nakalimbag o ng anumang wikang nakasulat samakatuwid ang pagbasa ay daan tungo sa kaalaman (Delgado, 2015), kaya't ang isang mag-aaral na magkaroon ng kasanayan at kakayahan sa pagbasa ang pagkilala sa mga salita ay magiging maayos ang pagbigkas at walang pagsisingit na salitang mangyayari.

Talahanayan 5
Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Pagkilala
ng salita ayon sa Pagkakaltas

Pagkakaltas	Frequency	Percent
4	54	29.67
3	92	50.55
2	36	19.78
1	0	0.00
Total	182	100.00
Mean	3.09	
	May Kasanayan	

Sa kabuuan nakakuha ng 3.09 na iskalang pagpapahalaga namay katumbas na May Kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita ayon sa pagkakaltas na ang ibig sabihin ay medyo kaunti ang mga salitang nakakakaligtan basahin sa teksto. Maihahalintulad ang nagging resulta sa pa pag-aaral na isinagawa ni Yang (2014), patungkol sa kung paano mapaunlad ang kasanayan ng mag-aaral sa pagbasa. Lumabas sa kanyang pag-aaral na karamihan sa kasanayan sa pagbasa na kinapapalooban kung paano mabibigyan ng solusyong basahin ang mga salitang di – pamilyar, pagluha ng pangunahing-diwa, paano ang pagbasa ng kritikal, at paano magkaroon ng pang-unawa sa binasa, ang mga ito ay maaring mapaunald sa pamamagitan ng iba't ibang teknik sa pagtuturo kung paano magbasa at bumasa. Marahil kapag ang mag-aaral ay magkaroon ng kasanayan sa pagbasa at mapaunlad pa nito ang kanyang pang-unawa sa binabasa, magiging buo aang pagbasa nya sa mga teksto, walang `labis walang kulang.

Talahanayan 6
Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Pagkilala
ng salita ayon sa Paglilipat

Paglilipat	Frequency	Percent
4	59	32.42
3	68	37.36
2	51	28.02
1	4	2.20
Total	182	100.00
Mean	3.00	
	May Kasanayan	

Sa kabuuan nakakuha ng 3.00 na iskalang pagpapahalaga na may katumbas na May Kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita ayon sa paglilipat na ang ibig sabihin ay medyo kaunti ang mga salita o letra ang napaglilipat – lipat sa pagbabasa ng teksto. Sa pahayag ni Japee (2018) ang pagbabasa ay proseso ng pagkilala ng mga nakasulat na simbolo, mabuting inuunawa kung ano ang ibig sabihin ng binasang teksto, nakakilala ang mga salita, bukod sa natutukoy ng mambabasa ang bawat titik na bumubuo ng salita, nabubuo at natutukoy rin niya ang kahulugan kapag pinagsama ang mga titik upang ito ay maging isang makabuluhang salita.

Talahanayan 7
Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Pagkilala ng salita ayon sa Pag – uulit

Pag - uulit	Frequency	Percent
4	55	30.22
3	72	39.56
2	39	21.43
1	16	8.79
Total	182	100.00
Mean	2.91	
	May kasanayan	

Sa kabuuan nakakuha ng 2.91 na iskalang pagpapahalaga na may katumbas na May Kasanayan ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita ayon sa pag-uulit na ang ibig sabihin ay medyo kaunti lang ang ginawang paulit-ulit na pagbabasa sa mga salita sa binasang teksto katulad sa tala ni Haupt (2015) ang pagbasa ay napakahalagang kasanayan para sa mga mag-aaral sa lengwahe kaalinsabay ng kasanayan sa lenggwahe ay ang kasanayan sa pagsulat, kasanayan sa pagsasalita at kasanayan sa pakikinig. Ang mga mag-aaral ay hinihimok na paunlarin pa ang kaniilang kasanayan sa pagbasa dahil maari nila itong mapamanihala sa iba pa.

Lagom ng lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral nasa pagkilala ng salita.

Talahanayan 8
Lagom ng lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa pagkilala ng salita.

Pagkilala ng Salita	Mean	DE	Rank
Pagpapalit	2.73	May Kasanayan	1
Maling Bigkas	2.90	May Kasanayan	2
Pag-uulit	2.91	May Kasanayan	3
Pagsisingit	2.92	May Kasanayan	4
Paglilipat	3.00	May Kasanayan	5
Pagkakaltas	3.09	May Kasanayan	6
Kabuuan	2.93	May kasanayan	

Lumalabas na sa pagkilala ng salita ayon sa pagpapalit may mean na 2.73, pagsisingit may mean na 2.92 (ranggo 1) at pagkakaltas may mean na 3.09 (ranggo 6),namay descriptive Equivalent na May kasanayan. Lumalabas lamang na may kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral sa pagkilala ng salita, napagtatanto ang malawak na kahulgan ng mga salitang nakapaloob sa akdang binasa, kaya nga sa pahayag ni Magno (2014) ang pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa ay nakakapagpalawak at nakakapagpalalim ng pang-unawa na kung saan madali na lamang tuklasin ng mambabasa ang mga nakapaloob na konteksto ng akda at nakikilala at nabibigkas nang maayos ang mga nakasulat na simbolo.

Pang-unawa

Talahanayan 9
Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral ayon sa Pang – unawa

Pang unawa	Frequency	Percent
9 - 10	0	0.00
8	26	14.29
7	9	4.95

6	38	20.88
0 - 5	109	59.89
Total	182	100.00
Mean	4.24	
	Did not meet expectation	

Sa kabuuan 4.24 ang nakuhang *mean* na may katumbas na *Did not meet expectation* na ang ibig sabihin walang kasanayan ang mga mag-aaral sa pagbasa pagdating sa pang –unawa sa teksto. Sa pag-aaral na isinagawa nina Cortez, Soriano, at Royo (2013), lumabas na may kahirapan ng mga mag-aaral sa Mataas na Paaralan ng Ateneo de Davao sa larangan ng pag-unawa sa kanilang binasa. Lumabas sa pag-aaral na hindi na gaanong umaangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral upang umunawa sa binasa, kaya't inirerekomenda ng nasabing mananaliksik na kailangang magkaroon ng pagsasanay ang mga guro ng mga makabago at iba pang estratehiya sa pag-unawa sa tekstong binasa na aangkop sa pangangailangan ng mga mag-aaral. Dapat maituro sa mga guro ang tamang proseso ng paggamit ng mga estratehiyang pinag-aralan sa pananaliksik upang maisagawa ang kabuuan ng proseso sa pagtuturo. Dapat ding masukat ang bisa sa pagkatuto ng mga estratehiyang ito sa pamamagitan ng pagsasagawa ng panibagong pag-aaral.

Ikalawang Bahagi. Kahirapan Ng Mga Mag-Aaral Sa Pagbasa

Pagkilala ng mga Salita

Talahanayan 10

Index ng Lebel ng Kahirapan ng mga Mag – aral sa Pagbasa ayon sa Pagkilala ng Salita

	Index	Napakahirapy
Maling Bigkas	0.72	Madali
Pagpapalit	0.68	Madali
Pagsisingit	0.73	Madali
Pagkakaltas	0.77	Madali
Paglilipat	0.75	Madali
Pag - uulit	0.73	Madali

Ipinapakita lamang na sa lebel ng kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa lumalabas na sa maling bigkas ay may index na 0.72 na ang ibig sabihin ay Madali, pagpapalit na may index na 0.68 na ang ibig sabihin ay Madali, pagsisingit na may index na 0.73 na ang ibig sabihin ay Madali, pagkakaltas na may index na 0.77 na ang ibig sabihin ay Madali, paglilipat na may index na 0.75 na ang ibig sabihin ay Madali at pag-uulit na may index na 0.73 na ang ibig sabihin ay Madali. Ang ibig sabihin lamang nito ay madali lamang sa mga mag-aaral ang binasa nilang teksto kapag ang pinag-ukulan ng pansin ay ang pagkilala sa mga salita. Sa pag-aaral na isinagawa ni Aguilar (2017) ang kahirapan sa asignaturang Filipino ng mga mag-aaral sa ikapitong baitang ayon Pagbasa, Pagsulat, Pakikinig, Pagasalita at Panood ay hindi gaanong mahirap para sa kanila. Sa pahayag naman nina Torgesen at Mathis (2010), ang kahirapan sa pagbasa ay maaring mabigyan ng solusyon sa pamamagitan ng mga workbooks, textbooks o worksheet.

Pang-Unawa

Talahanayan 11
Lebel ng Kahirapan ng mga Mag – aaral sa Pagbasa ayon sa Pang - unawa

Bilang	Tanong sa Pang-unawa	Index	Napakahirapy
1	Ano ang dapat nating isaisip kung magkaminsan?	0.445054945	Medyo Madali
2	Ano ang paksa ng paliwanag na isinasaad dito?	0.324175824	Napakahirap
3	Sino ang nagmamalaking pinakamahusay siya sa kanilang koponan?	0.774725275	Madali
4	Natuwa ang kaniyang mga kaklase sa sinabi ni Marita kay Tess?	0.615384615	Madali
5	Ano kaya ang naging damdamin ni Mike sa sinabi ni Ed?	0.285714286	Napakahirap
6	Ano ang dapat ninyong gawin kung alam ninyo ang inyong kahinaan?	0.43956044	Medyo Madali
7	Kung may kaklase ba kayong may kahinaan, iiwasan ba ninyo sila?	0.225274725	Napakahirap
8	Ano ang dapat ninyong gawin sa mga kaklaseng nagpapakita ng kanilang kahinaan?	0.598901099	Medyo Madali
9	Ano ang maaaring maging bunga ng kahinaan ng bawat tao?	0.60989011	Medyo Madali
10	Lahat ba ng tao'y maaring may kani-kaniyang kahinaan?	0.626373626	Medyo Madali
	Kabuuan	0.494505495	Medyo Madali

Sa kabuuan ay may index na 0.494505495 na ang ibig sabihin ay Medyo Madali lumalabas sa resulta na ang mga mag-aaral ay medyo hirap ang pang-unawa kung ang pagbabatayan ng tanong ay pag-iisip ng sariling kasagutan at medyo kawalan ng interes batay sa tekstong binasa. Sa Pilipinas, ayon kay De Juan (2013) sa paglalahad niya ng mga suliranin sa pagtuturo ng Filipino isa rito ang kawalan ng interes ng mga mag-aaral sa pagbabasa ng mga akdang pampanitikan at ang guro ay hindi mulat sa lahat ng pagbabagong nagaganap sa kapaligiran lalo na sa larangan ng wika at panitikan para sumunod sa makabagong estilo o teknik sa pagtuturo kung paano magbasa nang may kasanayan sa asignaturang Filipino.

Ikatlong Bahagi. Makabuluhang Pagkakaiba ng Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag-aaral sa Kahirapan ng mga Mag-Aaral sa Pagbasa.

Talahanayan 12

Makabuluhang Pagkakaiba ng Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral sa Pagpili ng salita sa Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa.

Groups	Count	Sum	Average	Variance
Maling Bigkas	182	527	2.8956	0.45865
Pagpapalit	182	497	2.73077	0.41883
Pagsisingit	182	531	2.91758	0.76113
Pagkakaltas	182	564	3.0989	0.4874
Paglilipat	182	546	3	0.69613
Pag - uulit	182	530	2.91209	0.86516

Source of Variation	SS	df	MS	F	P-value	F crit	Decision/ Interpretation
Between Groups	13.59	5	2.72	4.42	0.00	2.22	Di-Tanggap ang walang Bisang

Within Groups	667.40	1086	0.61	pala-palagay Makabuluhan
Total	680.99	1091		

Ipinakita na may makabuluhang kaugnayan ang pagkakaiba ng lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag – aaral sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa, ipinakita na ang nakompyut na p-value na 0.00 na mas mababa (<) sa alpha level of significance na 0.05, samakatuwid ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap at nangangahulugang lamang na may makabuluhang pagkakaiba ang lebel na kasanayan sa pagbasa sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa, ibig sabihin sadyang mahirap sa mga mag-aaral ang pagbabasa subalit nagkakaroon pa rin sila ng motibasyon sa sarili na makapag-aaral bumasa.

Talahanayan 13

Makabuluhang Pagkakaiba ng Lebel ng Kasanayan sa Pagbasa ng mga Mag – aaral ayon sa Pang – unawa sa Kahirapan ng mga Mag-aaral sa Pagbasa.

	t	df	Sig. (2-tailed)	<i>Decision/ Interpretation</i>
Pang - unawa	21.78	181	0.00	Di-Tanggap ang walang Bisang pala-palagay Makabuluhan

Ipinapakita na may makabuluhang pagkakaiba ang lebel na kasanayan sa pagbasa ng mga mag – aaral sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa, ipinakita na may nakompyut na p-value na 0.00 na mas mababa (<) sa alpha level of significance 0.05, ang walang bisang pala-palagay ay di-tanggap at nangangahulugang may makabuluhang pagkakaiba ang ng lebel na kasanayan sa pagbasa sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa, ibig sabihin ang pang-unawa ng mga mag-aaral sa pagbasa ay kaukulang epekto sa pagkakaroon ng kanilang kahirapan sa pagbabasa. Ang pang-unawa ay isang mahirap na prosesong gawain sa mga mag-aaral, nangangailangan ang tagabasa ng kakaibang kasanayan sa pag-iisip na lagpas sa antas ng pag-unawang literal, interpretasyon at mapanuring pagbasa. Ang pag-unawa sa binabasa ay pinakamahasag na aktibidad at ito ay sinasadyang aksyon na nag-aaral piliin upang magtatag at mapabuti ang kanilang pag-unawa sa binabasa (Gilani, 2012).

Ikaapat na bahagi. Interbensyong ginawa upang mapaunlad ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Ang interbensyong ginawa ng kasalukuyang mananaliksik ay ang E-Modyul, kinuha at naging batayan ang pormat o bahagi ng DepEd Module (2020) ng kasalukuyang mananaliksik, ang mga nilalaman na nakapaloob sa nasabing interbensyon ay ginawa mismo ng kasalukuyang mananaliksik, ang E-modyul na ito ay isang paghahanda upang matugunan ang pandemyang kinahaharap ng edukasyon ngayon. Ang mga tala sa ibaba ay bahagi ng modyul na ginawa.

Bahagi ng Modyul:

1. Pamagat
2. Nilalaman ng Talahanayan
3. Panimula
4. Gabay na tanong
5. Layunin
6. Pagtataya
7. Pidbak
8. Sanggunian

Ang kagamitang pampagtuturo sa pamamagitan ng e-modyul ang nagawa upang lalong mapahusay ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral na nasa ikawalong baitang ang e-modyul ay naglalaman ng mga teksto at gawain, ang mga bilang na nilalaman ng mga gawain ay batay sa naging resulta ng kasalukuyang mananaliksik. Kaugnay ng pag-aaral ni Medul (2017), Abad (2018) at Salonga (2019) na ang mga kagamitang pampagtuturo tulad ng workbook o worktext ay nakapagpapaunlad at nakapagdaragdag pa ng kaalaman ng mga mag-aaral sa pagsasagawa ng mga ito.

Ikalimang bahagi. Kahalagahan ng interbasyong materyal na ginawa upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.

Katanggap-tanggap sa mga guro ang ginawang modyul sa pagpapaunlad at paglinang sa kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral katulad sa isinagawang pag-aaral ni Karalliyadda (2016), ang tinukoy na estilong pagkatuto ng mga mag-aaral ay isang karagdagang kahalagahan para sa mga guro. Ang kagamitang pagpagtuturo, pagtuturo at ang kapaligiran ang makakakatulong pa sa pagpapaunlad ng kawilihan ng mga mag-aaral. Lumalabas din sa kanyang pag-aaral na ang mga mag-aaral ay mas ninanais ang pagkatuto kapag may iab't ibang istratohiyang ginagamit ang guro, kahit ang lektur ang nais ng mga mag-aaral na magkaroon o maisama rin ang biswal na pagpapaliwanag, praktikal na sesyon, gawaing pagbasa at pakikinig. Lumilipas ang panahon maraming balakid ang nagbibigay limitasyon sa mga mag-aaral para sa kasanayang pagbasa kaya nangangailangan nang mas malalim na pag-unawa sa mga akdang binabasa at nangangailangan ang mga mag-aaral ng interbensyon upang mapaunlad ang kasanayan at kakayahan nila.

V. KONKLUSYON

1. May kasanayan sa pagbasa ang mga mag-aaral pagpili ng salita pagdating sa maling bigkas, pagpapalit, pagsisingit, pagkakaltas, paglilipit, pag – uulit at *did not meet expectation* sa kasanayang sa pagbasa ang mga mag-aaral sa pang-unawa.
2. Madali ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa sa pagkilala ng mga salita maling bigkas, pagpapalit, pagsisingit, pagkakaltas, paglilipit at pag-uulit . Samantalang medyo madali sa pang-unawa..
3. May makabuluhang pagkakaiba ang lebel ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral sa kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa.
4. Ang interbensyong ginawa ng kasalukuyang mananaliksik ay isang e- modyul.
5. Ang kahalagahan ng interbensyong materyal na ginawa upang mapaunlad ang kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral ay katanggap-tanggap sa mga guro

VI. REKOMENDASYON

1. Did not meet expectation sa kasanayang sa pagbasa ang mga mag-aaral sa pang-unawa ang nagging resulta ng pag-aaral kaya iminumungkahi na magkaroon pa nang maraming pagsasanay sa pagbasa ang mag-aaral patungkol sa pagpili ng mga salita at mas maraming pagsasanay sa pang-unawang pagbabasa.
2. Medyo madali sa pang-unawa ang kahirapan ng mga mag-aaral sa pagbasa kaya magkaroon ang mga guro ng iba pang istratohiya sa pagtuturo kung paano ang pagbasa na may pang-unawa.
3. Bigyang – pansin ng mga guro at magulang ang mga salik na pwedeng makaapekto sa pagkakaroon ng kasanayan sa pagbasa ng mga mag-aaral.
4. Magkaroon ng pananaliksik sa naisgawang interbensyong material ng kasalukuyang mananaliksik upang masukat ang kabuluhan nito

REFERENCES

- [1] Elise, Hanna (2018). Disenyo at Pamamaraan ng Pananaliksik. <https://www.slideshare.net/mushthart/disenyo-at-pamamaraan-ng-pananaliksik>.
- [2] Guinoo, Jenita. (2017). Wastong bigkas ng mga salita. <https://www.slideshare.net/JenitaGuinoo/wastong-bigkas-ng-mga-salita>.
- [3] Yaseen, Alaa. (2013). The Reading Napakahirapies in English and How to Deal with Them as Perceived by Teachers and Students in Nablus District. https://scholar.najah.edu/sites/default/files/Alaa%20Yasin_0.pdf?__cf_chl_jschl_tk__
- [4] Delgado, Donna G. (2015). Makrong Kasanayan Sa Wika: Pagsulat At Pagbasa. <https://www.slideshare.net/dawnnah/makrong-kasanayan-sa-wika-pagsulat-at-pagbasa>
- [5] Yang, Zhanli (2014). Effective Methods to Improving Reading Skills in English Study. <file:///C:/Users/user/Downloads/12520.pdf>
- [6] Japee (2028). Kritikal na Pagbasa (Online Lecture). <https://www.facebook.com/813599522147647/posts/kritikal-na-pagbasa-ay-tumutukoy-sa-proseso-ng-pagkilala-ng-mga-nakasulat-na-sim/1102168393290757/>
- [7] Haupt, J. (2015). The Use of a Computer-based Reading Rate Development Program on Preuniversity Intermediate Level ESL Learners' Reading Speeds. *Reading Matrix: An International Online Journal*, 15(1), 1-14.
- [8] Magno, Flordeliza. (2014). Kasanayan sa pagbasa. <https://www.slideshare.net/FlordelizaMagno/kasanayan-sa-pagbasa>.
- [9] Cortez, Zaynab A., Soriano, Ruel M., Royo, Jean L. (2013). Pananaw ng mga Guro at Mag-aaral sa mga Estratohiyang Ginamit Tungo sa Higit na Maunawang Pagbasa sa Filipino.

- <http://research.addu.edu.ph/university-funded-researches/pananaw-ng-mga-guro-at-mag-aaral-sa-mga-estrategyang-ginamit-tungo-sa-higit-na-maunawang-pagbasa-sa-filipino/>
- [10] Aguilar, Jesseca (2017). Kahirapan sa Pagkatuto sa Filipino at Ang Akademikong Perormans ng mga mag-aaral sa Baitang 7 ng Sta. Cruz National High School – JESMAG High School Annex, taong panuruan 2016-2017.
- [11] Torgesen, E and Matthis, A. (2010). What we know about: effective Instructional Materials Approaches for Language Minority Learners. Arlington, VA: Educational Research Service.
- [12] De Juan, G. (2013). Mga suliranin ng mga guro sa pagtuturo ng Filipino. Retrieved on April 13, 2018 from <https://filipinotek.wordpress.com/2013/03/29/mga-suliranin-ng-mga-guro-sa-pagtuturo-ng-filipino/>.
- [13] Gilani M.R.A. (2012). Impacts of Learning Reading Strategy on Student's Reading Comprehension Proficiency. The International Journal of Language Learning And Applied Linguistic World (IJLLALW) Volume 1(1).
- [14] Karalliyadda, Lanka S.M.C.B. (2017) Lanka. Learning Style and Academic Performance of First Year Agricultural Undergraduates: A Case in Rajarata University of Sri Lanka. The Journal of Agricultural Sciences Vol. 12, No. 1, January 2017. Pp 34-42 <http://dx.doi.org/10.4038/jas.v12i1.8204>